

SEIU Healthcare 1199NW Multi-Employer Training Fund

Pangkalahatang-ideya ng Mga Benepisyo

Ang Training Fund ay isang pagtutulungan sa pagitan ng iyong unyon at iyong employer. Dinisenyo ito para gabayan at suportahan ang pag-unlad iyong edukasyon at karera habang tinutugunan ang mga pangangailangan sa lakas-paggawa ng iyong employer. Ang lahat ng benepisyo ng Training Fund ay libre sa mga kwalipikadong miyembro.

Kasama sa iyong mga benepisyo ang

- **Pagpapayo sa karera at edukasyon** para tulungan kang maabot ang iyong mga layunin
- **Akademikong suporta at mga workshop**, gayundin ang **pag-tutor** para makatulong na suportahan ka para sa kabuuan ng iyong edukasyon
- Pagpopondo para sa **propesyonal na pag-unlad**, mga klase ng pagpapatuloy ng edukasyon, propesyonal na membership, sertipikasyon ng espesyalidad ng Rehistradong Nars (RN), eksaminasyon para sa muling sertipikasyon, gayundin ang pagbiyahe at pagdalo sa kumperensya para sa mga Propesyonal at Teknikal na miyembro
- **Tulong sa matrikula** para sa mga degree at programang may sertipiko na nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan

Pagiging kwalipikado sa benepisyo

| Pagkatapos ng 90 araw sa iyong employer | Pagkatapos ng isang taon sa iyong employer |
|--|---|
| <p>Pagpapayo sa karera at edukasyon Akademikong suporta at mga workshop Ingles Bilang Pangalawang Wika (ESL) at mga basic na klase sa computer</p> <p>Pag-tutor Available online at nang personal</p> <p>Propesyonal na pag-unlad: Mga libreng Yunit sa Pagpapatuloy ng Edukasyon (CEU) sa pamamagitan ng CE Direct Mga propesyonal na pagsasanay at membership* Mga pambansang sertipikasyon at sertipikasyon sa espesyalidad* Pagpopondo sa Kumperensya at Pagbiyahe*</p> <p><i>*nag-iiba-iba ayon sa bargaining unit</i></p> | <p>Tulong sa Matrikula: Matrikula Mga bayad para sa mga kinakailangang klase Mga aklat at supply Kagamitan at software <u>Mga bayad na nauugnay sa mga pagpasok:</u> Mga bayad sa aplikasyon* Mga pagsusuri: TEAS, HESI, atbp.* Mga pagsusuri sa kapansanan sa pagkatuto Internasyonal na pagsusuri sa transcript</p> <p><i>*pinopondohan sa pamamagitan ng pag-reimburse</i></p> |

Matuto pa ngayong araw! Tingnan ang likod para sa mga detalye ng benepisyo.

Ang iyong Training Fund ay nag-aalok ng iba't ibang programa at serbisyong iniangkop sa iyong mga pangangailangan. Narito ang iyong employer, iyong unyon, at iyong Training Fund para suportahan ka habang itinataguyod mo ang iyong karera sa pangangalagang pangkalusugan.



Sofia Issa, Environmental Services Technician sa Swedish Medical Center at isang 2018 CHEST participant

**Bisitahin ang aming website o tawagan kami
para matuto pa at ma-access ang
iyong mga benepisyo.**

425.255.0315

www.healthcareerfund.org



Ang Iyong Mga Benepisyo at Serbisyo ng Training Fund

pagpapayo sa karera at edukasyon

Tutulungan ka ng aming Mga Navigator sa Karera at Edukasyon na bumuo ng mga plano sa karera na pinakatutumugma sa iyong mga kasanayan at personal na layunin.

Dahil sa pagsasabay-sabay sa mga kinakailangan sa trabaho at pamilya, nagiging mas mahirap para sa karamihan ng mga nasa hustong gulang na mag-aral ulit. Sa lahat ng iyong oras sa paaralan, tutulungan ka ng tauhan ng pag-navigate sa edukasyon na pamahalaan ang pagkakaroon ng balanse sa trabaho/paaralan/ buhay, makakonekta sa mga akademikong suporta, at mag-navigate sa logistics ng mga kumplikadong sistema ng ating kolehiyo at unibersidad.

Tinitiyak ng access sa ating espesyalista sa pagtatrabaho na nakahanda ang mga miyembro para sa tagumpay pagkatapos makumpleto ang kanilang programa sa pamamagitan ng one-on-one na pagtuturo sa karera, paghahanda para sa panayam, payo sa resume at cover letter.

akademikong suporta at mga workshop

Nag-aalok ang Training Fund ng mga workshop para pahusayin ang mga basic na kasanayan gaya ng mga klase sa English para sa mga hindi native speaker at entry level na kurso sa computer. Ginagawa ang mga workshop sa pagpapahusay ng kasanayang ito sa site sa mga kaparehang employer para sa madaling pag-access at pamilyar na kapaligiran sa pag-aaral.

Nagbibigay din kami ng mga panandaliang workshop, kasama na ang pagbabalik-aral para sa TEAS test (Pagsusuri sa Mga Kinakailangang Akademikong Kasanayan, Test of Essential Academic Skills), gayundin ng mga materyal para sa akademikong suporta para sa ilan sa aming mga pinakasikat na klase at mapagkukunan para sa placement test.

pag-tutor

Nagbibigay ang aming malawak na programa ng pag-tutor ng mataas na kalidad na tulong sa matematika, agham, pagsusulat, at higit pa. Nagsasaayos ng maliit na grupo at mga one-on-one na session alinsunod sa iyong iskedyul. Posibleng makipagkita sa iyo ang mga tutor ng Training Fund kung kailan at saan mo sila kailangan.

Nag-aalok din kami ng on-line na pag-tutor sa pamamagitan ng Tutor.com. Puwedeng i-access ang 24/7 na serbisyong ito mula sa anumang computer o mobile device na naka-enable ang internet. Tuwang-tuwa ang mga miyembro sa Tutor.com dahil sa pagiging madaling gamitin nito at agarang access sa mga eksperto sa paksa anumang oras sa araw o gabi.

propesyonal na pag-unlad

Alam naming kailangan mong manatiling nakakasunod sa mga pinakabagong trend sa palaging nagbabagong industriya ng pangangalagang pangkalusugan. Sa ilang pag-click lang, puwedeng kumpletuhin ng lahat ng miyembro ang mga CEU na nauugnay sa trabaho sa pamamagitan ng CE Direct, isang ganap na on-line at accredited na mapagkukunan para sa Pagpapatuloy ng Edukasyon.

Puwede ring makakuha ang mga miyembro ng Serbisyo/LPN at Bargaining Unit na Propesyonal-Teknikal ng mga pambansang sertipikasyon na nauugnay sa kanilang kasalukuyang trabaho. Puwedeng mag-access ang mga miyembrong ito ng \$300 bawat taon bilang pag-reimburse para sa mga pangkwalipikang aktibidad sa propesyonal na pag-unlad.

Ang mga nurse ay kwalipikadong tumanggap nang hanggang \$300 bawat taon para sa gastos sa mga bayad sa eksaminasyon sa sertipikasyon para sa espesyalidad at bayad sa muling sertipikasyon sa mga aspetong kinikilala ng industriya.

Natatangi sa Bargaining Unit na Propesyonal-Teknikal ang programa ng Pagpopondo sa Pagbiyahe sa Kumperensya. Ang benepisyong ito ay nagbibigay sa mga miyembro ng talagang kinakailangang tulong sa pagpopondo para dumalo sa mga panrehiyon o pambansang kumperensya na nauugnay sa kanilang trabaho. Puwedeng mag-access ang mga miyembro ng hanggang \$1,500 bawat taon para sa mga gastos na nauugnay sa kumperensya at pagbiyahe.

tulong sa matrikula

Makakatulong ang iyong benepisyong Tulong sa Matrikula na mawala ang iyong mga gastos na nauugnay sa paaralan para makatuon ka sa iyong mga pag-aaral. Babayaran nito ang matrikula, mga aklat, at iba pang kinakailangang bayad para sa mga inaprubahang programa. Itinatakdang ng Lupon ng Mga Katiwala bawat taon ang taunang halaga ng benepisyo. Nakabatay ang halaga ng pagpopondo sa bargaining unit at FTE status ng isang indibidwal.

pantugong programa

Ang Pondo sa Pantugong Programa ay nagbibigay ng paraan sa mga pagtutulongan ng nagtatrabaho/namamahala para makapag-alok ng mga bagong oportunidad sa pagsasanay para sa mga hindi natugunang kakulangan sa kasanayan. Available ang mga pondo para sa mga naka-customize at 'napapanahong' pangangailangan sa pagsasanay na tumutugon sa mga nagbabagong kailangan ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

“Binuksan ng internasyonal na kumperensya sa Gawaing Panlipunan ang aking mga mata sa trabahong ginagawa para pahusayin ang pangangalagang pangkalusugan... mula sa pagpapahusay sa tauhan hanggang sa pagdaragdag ng mga serbisyo para sa nakakatanda. Pinalakas ng kumperensya ang aking kamalayan sa mga pagkakaiba sa kultura at kung paano tinitingnan at ina-access ang mga tao ang pangangalagang pangkalusugan.”

**Taryn Walcott, Social Worker
UW Medicine, Northwest Hospital and Medical Center**

